

**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pagmamahal sa Ating mga Pamilya

Sinabi ng propetang si Alma sa kanyang mga tao na kailangang ang kanilang mga puso "ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa" (Mosias 18:21). Kung minsan, maaaring mahirap maramdaman ang pagkakaisa sa ating mga pamilya, ngunit ang Espiritu Santo ay makatutulong sa atin.

Minsan, ang aming anak na lalaki ay nagtatalon sa kanyang kama. Nagtatalon siya nang husto kaya akala ko ay masisira ang kanyang kama! Nakaramdam ako ng pagkainis. Lumapit ako at hinatak ko siya sa kanyang mga balikat. Iniangat ko siya hanggang sa magpantay ang aming mga mata.

Pagkatapos, sa isip ko ay narinig ko ang mahinang tinig ng Espiritu Santo na nagsasabing, "Dakila ang taong hawak-hawak mo." Ang mga salitang iyon ay tumimo sa aking puso. Dahan-dahan kong ibinaba ang aking anak sa kama at humingi ako ng tawad.

Ngayon ay isa nang dakilang tao ang aking anak. Lubos akong nagpapasalamat na tinulungan ako ng Espiritu Santo na makita siya kung paano siya nakikita ng Ama sa Langit—bilang Kanyang anak.

Maaari nating subukang makinig sa Espiritu Santo kapag nakikita natin ang isa't isa, at maging kapag iniisip natin ang isa't isa. Makatutulong iyon sa atin na makaramdam ng higit na pagmamahal sa ating mga pamilya. ●

*Hango mula sa "Ang Aking Kapayapaan ay Iniiwan Ko sa Inyo,"* Liahona, *Mayo 2017, 15–18.*



PAGLALARAWAN NI HOLLIE HIBBERT